COLLABORATIVE CURRICULUM AND ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES
AUSTRALIA

Student/Registration Number | | | | | | | | | |

Centre Number | | | | | |

SAMPLE

**2002 PUBLIC EXAMINATION**

# Filipino

## Continuers Level

### Section 1: Listening and Responding (30 marks)

**Tuesday 29 October: 2 p.m. Eastern Standard Time**
Time: approximately 50 minutes and 10 minutes reading time
*Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be used.*

**Instructions to Students**

1. You will have 10 minutes to read all the papers and to familiarise yourself with the requirements of the questions.
2. Write all your answers to the questions in Section 1 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
3. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
4. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
5. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
6. All question booklets will be collected at the end of the examination.

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*

© *Victorian Curriculum and Assessment Authority 2002*

**Part A** (Questions 1–5)
(20 marks)

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information and convey the information accurately and appropriately.*

You will hear five texts. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in ENGLISH.

transcript

**Text 1**

You may make notes in this space

1. a. What features of Rolly's language demonstrate respect for older people?

b. Tick the correct response.
The purpose of Rolly's call was to:

A arrange lifts for his friends Andrew, Ruel and Paul. ☐

B tell Chris that he will be waiting for him at Joel's house. ☐

C tell Chris about arrangements regarding going to the gym. ☐

D get Chris's mobile telephone number. ☐

( marks)

transcript

**Text 2**

2. a. Why did the policeman speak to Alex?

b. What convinced the policeman to make his final decision?

( marks)

transcript

**Text 3**

3. Tick the correct response.

The purpose of this notice is:

A to announce the winning team in a competition. ☐

B to advertise a basketball final. ☐

C to advertise Mr Jaworski's birthday celebration. ☐

D to award a prize to the Jets baseball team. ☐

( marks)

transcript

**Text 4**

4. a. What is the announcement about?

________________________________________

b. Who is being addressed?

________________________________________

c. i. What cost is involved?

________________________________________

ii. What is included in the price?

________________________________________

d. How is payment to be made?

________________________________________

( marks)

transcript

**Text 5**

5. a. Why is this film widely acclaimed?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

b. Why is it appropriate to show this film during celebrations for Philippine Independence Day?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

( marks)

You may make notes in this space

**Part B** (Questions 6–7)
(10 marks)

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of texts by identifying and analysing information;*
- *convey the information accurately and appropriately.*

You will hear two texts, one relating to Question 6 and one relating to Question 7. Each text will be played twice. There will be a short break between the first and second playings in which you may make notes.

Listen carefully to each text and then answer the questions in FILIPINO.

transcript

**Text 6**

You may make notes in this space

6. a. Why are the birds no longer nesting and roosting in the trees?
Anong dahilan ng hindi na pagpupugad at pagdarapo ng mga ibon sa mga punong kahoy?

b. What are the more dangerous ways of destroying the fish in our waters that are pointed out in the song?
Anong lalong mapanganib na sumisira sa ating isda sa mga tubigan?

c. Who is referred to in the following lines of the song?
'Dahil walang nagmamasid at nababahala, Habang ang paligid ay napipinsala?'
Sinu-sino ang tinutukoy sa mga huling taludtod ng awit:
'Dahil walang nagmamasid at nababahala, Habang ang paligid ay napipinsala?'

d. What is the aim of the songwriter?
Ano ang layunin ng may akda sa kanyang awit?

( marks)

transcript

**Text 7**

You may make notes in this space

7. a. Why is depression a danger to Australian youth?

Bakit mapanganib ang malalang kalungkutan sa kabataang Australyano?

b. How can one cope with depression? Give three details from the text.

Anu-anong mga paraan ang makakatulong sa paglutas ng malalang kalungkutan? Magbigay ng TATLONG halimbawa.

c. Where can one get professional advice?

Saan maaaring makakuha ng payo?

( marks)

**End of Section 1**

# Transcript

## SECTION I: Listening and responding

### Part A

**Text 1**

Rolly Hello! Magandang hapon po. Nandiyan po ba si Chris?

Eddie Wala pa nga eh. Tumawag siya para sabihing maaring mahuli siya sa pag-uwi mamayang hapon.

Rolly Kasi po nag-usap kami na pupunta sa dyim ngayong gabi. Pakisabi nga pong daanan niya sila Andrew, Ruel at Paul at doon nalang kami magkikita sa bahay ni Joel ng alas siyete. Kung mahuhuli siya, hihintayin namin siya doon at sabay-sabay kaming pupunta sa dyim.

Eddie O sige, sasabihin ko sa kanya pagdating niya. Masmabuti sigurong tawagan mo rin siya sa kanyang ‘mobile’. Sandali lang, ibibigay ko sa iyo ang kanyang numero.

Rolly Hindi na ho kailangan. Nasa akin na po. Maraming salamat po.

**Text 2**

Polis Hindi mo ba nababasa ang karatulang nagsasabing bawal ang pumarada dito?

Alex Bos naman, sandaling-sandali lang ito. Mayroon lang bibilhin ang misis ko sa botika dahil may sakit ang anak ko. Mapapalayo na ako kung pupunta pa ako sa paradahan ng sasakyan.

Polis Sige, ngayon lang Kung hindi lang kagipitan ay titiketan kita at may multa ka pa.

Alex Salamat po. Kayo na ang bahalang magpasensiya.

**Text 3**

Ang dalawang koponan ng basketbol na maglalaban sa kampeonato ay ang TOM CATS at ang JETS. Ito ay gaganapin sa Luneta Istadyum sa ika – 16 ng Agosto. Mag-uumpisa ng ala una ng hapon at matatapos ng alas tres.

Si Ginoong. Jaworski ang ating inanyayahan upang magbigay ng tropeo sa kampeon.

**Text 4**

Salamat sa inyong sagot sa binabalak na paglalakbay sa Europa ng aming mga guro ng Kasaysayan. Pagkatapos naming makipag-ayos sa ‘ahente ng paglalakbay’, napagkaisahan na ang mga lugar na pupuntahan: England, Holland, Belgium, Austria, Italy, France at Switzerland.

Ang halaga ng paglalakbay na ito ay $3800, kasama na ang pamasahe, almusal araw-araw at hapunan tuwing ikalawang gabi. Ang bibilhin ng mga estudyante ay ang kanilang pananghalian at ang ibang mga hapunan na hindi kasama sa bayad.

Mayroon tayong pagtitipon sa ika-26 ng Agosto sa oditoryum ng Blue Gum High School Auditorium ng 7.00 ng gabi.

Ang mga nais sumama ay kailangang magbigay ng $300 na deposito sa opisina ng paaralang ito bago dumating ang 15 ng Oktubre. Ang pagbabayad ng natitirang halaga ay ipa-aalam sa inyong lahat sa nalalapit na panahon.

Kung keyo ay gagamit ng tseke, ito ay dapat gawin sa pangalan ng Blue Gum High School. Tumatanggap din kami ng kredit kard. Apatnapung tao lamang ang maaaring sumama sa paglalakbay na ito.

Ikinasisiya namin na makapagbigay ng ganitong pagkakataong makapaglakbay ang inyong mga anak. Limang guro ng Blue Gum High School ang mamamahala. Kung interesado kayo, tawagan lamang sina Ginang Kay Smith at Ginang. Susan del los Reyes. Sila ay maaaring tawagan araw-araw, Lunes hangang Biyernes mula 9.00–4.00 sa paaralang ito.

Maraming salamat

**Text 5**

Pinakahuling balita buhat sa Pilipinas – sa larangan ng pelikula

Ang pelikulang “Rizal” ay naging isa na sa pinakatanyag na pelikulang buhat sa Pilipinas. Nagwagi ito ng gantimpala bilang Pinakamahusay na Pelikula ng Taon sa nakaraang Pista ng Pelikulang Pilipino. Nabigyang puri ng mga manunuri ng pelikula ang pagsulat ng talambuhay ng ating pambansang bayani.

Ang pagtatanghal ng mga pangyayari at ang mga artistang gumanap dito ay napuri din dahil sa kanilang paglalarawan ng mga tauhan. Si Art Rodrigo Junior na gumanap kay Jose Rizal ay nagwagi ng Pinakamahusay na Artistang Lalaki. Ang nasabing pelikula ay kanyang pangalawang pelikula lamang.

Ang “Rizal” ay ipalalabas dito sa Australya sa darating na Ika-12 ng Hunyo, bilang isa sa mga handog para sa pagdiriwang ng ating Araw ng Kalayaan.

**Part B**

**Text 6**

**‘Paligid’ (isang awit ni Gary Granada)**

Walang madapuan ang mandaragit
Walang mapupugaran ang ibong pipit
Walang maiaalay na dahon’t sanga
Ang gubat na namamatay na.

Walang masisilungan ang hito’t dalag
Walang matataguan ang hipon at kasag
Sila ay lilipulin sa madali’t malaon
Walang patatawarin sa sabog at lason.

Wala nang gagamasin ang manggagamas
Wala ring gagapain ang manggagapas
Ang dagat nating ikinabubuhay
Ay dagat na ikinamamatay.

Susunod na ang mais at palay
At mga hayop na walang kamalay-malay
Ang mga bulaklak, tutubi’t palaka
At ang kalaro nila ang ating mga bata.

Walang manghihinayang sa ‘king awitin
Walang makikinabang sa iyong mithiin
Dahil walang nagmamasid at nababahala
Habang ang paligid ay napipinsala.

**Text 7**

Ano ang pinakamalaking panganib sa panatag at mahusay na kabuhayan sa kinabukasan? Batay sa opinyon ng mga manunuri ng kalusugan ang malalang kalungkutan ay lumalaganap dito sa Australya.

Ayon sa pinakahuling balita, malaki ang pagtaas ng bilang ng mga kabataang humihingi ng tulong para sa kanilang kabutihan at kalusugan.

Ang payo ng mga nakakaintindi ay madaling sundin. Halimbawa, kapag kayo ay nalulungkot, makinig ng mga masasayang tugtugin, isulat sa papel ang iyong mga nararamdaman o kausapin ang iyong kaibigan.

Kung wala kayong ibang makausap kapag kailangan ninyo ng tulong: kausapin ang isa sa mga sanay na tagapayo sa *‘KAIBIGAN’*. Telepono: 9876 5432. Nandito kami 24 oras para sa iyo!

CCAFL **COLLABORATIVE CURRICULUM AND ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES AUSTRALIA**

Student/Registration Number | | | | | | | | | |

Centre Number | | | | | |

**2002 PUBLIC EXAMINATION**

# Filipino

## Continuers Level

### Section 2: Reading and Responding (30 marks)

**Tuesday 29 October**
Time: approximately 1 hour 15 minutes
*Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be used.*

**Instructions to Students**

1. Write all your answers to the questions in Section 2 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
2. You must answer ALL questions in Part A and Part B.
3. Answer Part A in ENGLISH and Part B in FILIPINO.
4. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
5. All question booklets will be collected at the end of the examination.

SAMPLE

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*

*© Victorian Curriculum and Assessment Authority 2002*

**Part A** (Questions 8–9)
(20 marks)

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and/or specific aspects of texts, by, for example, comparing, contrasting, summarising, or evaluating, and convey the information accurately and appropriately.*

8. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

**Text 8**

**Pasahero**

**ni Heber Bartolome**

**I**

Ako'y nasa *bus stop*,
Naghihintay ng sasakyan.
Ngunit punung-puno ang
Bawat bus na magdaan

**II**

Kung makasakay ka man,
Doon ka lang sa pintuan.
Buhay pasahero ay talagang ganyan
Makati o Cubao, Quiapo o Kalookan.

**III**

Ang pagsakay ng bus ay di gawang biro,
Mayroong isang seksi sa estribo nakatayo.
Ngunit walang *boy scout* upang magpaupo,
Siya'y nagtiis, nakipagsiksikan,
Ang kawawang seksi, siya'y natiyansingan.

**IV**

Kayong mga bebot
Ang payo ko'y ito:
Mag-aral ng baras,
Karate at Judo.

**V**

Kayhirap ng buhay,
Punung-puno sa labas, tila sardinas.
Kayhirap ng buhay,
Kakaway-kaway, di makasakay.

**VI**

Itong kundoktora at isang pasahero,
Laging nag-aaway dahil sa singko.
Pasahero.

**VII**

Ako'y mahirap lang, ako'y walang kotse.
Kung wala nang bus, wala ring pantaksi;
Pag bus na nagdaan ang panghuling biyahe,
Kahit sa bintana sumabit ka, pare.

a. What advice is given to women passengers?

b. What does the passenger compare crowded buses with?

c. Describe the city scene depicted in the poem.

d. Based on the passenger's account, give **two** examples of humour.

- 
- 

e. Describe the plight of a commuter using public transport? Refer to the text to support your answer.

( marks)

9. Read the text and then answer in ENGLISH the questions that follow.

**Text 9**

"Inay/Itay, maaari po bang turuan ninyo akong magmaneho?" Ang mga salitang ito ay makapagdudulot ng takot sa puso ng mga magulang.

Bukod sa pagbibigay ng payo at patnubay habang nagsasanay magmaneho ang anak, ano pa ang ibang magagawa ng magulang upang matulungan siyang maging maingat at mapagkakatiwalaang tsuper?

Ang Filipiniana Auto Klub ay mayroong bagong labas na libreng produktong tinatawag na LIGTAS. Ang layunin ng LIGTAS ay matulungan ang mga batang tsuper at maihanda sila sa mahirap at kadalasang mapanganib na mga unang taon ng pagmamaneho.

Ang LIGTAS ay nasa CD-ROM at maaaring gamitin sa MAC OS 7.1 o WINDOWS 95. Sadyang ginawa ito para sa mga kabataang may gulang na 15 hanggang 17 taon na naghahanda para sa kanilang lisensiyang L o P.

Napakaraming aksidenteng nangyayari sa mga batang tsuper na wala pang gaanong karanasan. Tatlumpung porsiyentong mga namamatay sa aksidente ay mga batang tsuper na may gulang na 17 hanggang 25 na taon.

Ang mga aksidenteng ito ay bunga ng pagpapasikat sa mga kaibigan o hindi pagsunod ng mga batas trapiko. Minsan ay maaaring malingat sila sa pagmamaneho dahil nakikipag-usap o nakikinig sa maingay na tugtugin.

Maraming pananaliksik ang ginawa ng Filipiniana Auto Klub tungkol sa edukasyong pagmamaneho, at tungkol sa kaugalian ng mga batang tsuper. Ito ang pinagbatayan ng programang LIGTAS.

Bukod sa mahalagang matututunan nila tungkol sa pagmamaneho, matutuwa rin ang mga batang tsuper na gagamit ng LIGTAS sapagkat ito ay magandang laro sa kompyuter.

a. What is the purpose of this article?

______________________________

______________________________

b. Give three reasons for the high accident rate among young drivers.

- ______________________________
- ______________________________
- ______________________________

c. What statistics are given about young drivers?

______________________________

______________________________

d. Name two features of the LIGTAS program.

- ______________________________
- ______________________________

( marks)

**Part B** (Question 10)
(10 marks)

---

*When judging performance in this part, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates the capacity to:*

- *understand general and specific aspects of a text by identifying, analysing, and responding to information;*
- *convey information coherently (structure, sequence, accuracy and variety of vocabulary and sentence structure) and appropriately (relevance, use of conventions of the text type).*

---

10. Read the text and then answer in FILIPINO the question below.

**Text 10**

You may make notes in this space

56 Herran, Paco
Manila
Ika-15ng Oktubre

Mahal kong Christine/Mahal kong Ryan

Natanggap ko ang sulat mo kahapon. Salamat sa mga balita mo. Ano ba ang nangyari at maikli yata ngayon ang sulat mo? Gustong-gusto ko pa namang makabalita tungkol sa malaking sayawan sa iyong pagtatapos ng ika-12 na grado.

Kababalik ko lang mula sa Baguio dahil naging kinatawan ako ng aking paaralan sa isang parayam-pangkabataan.

Alam mo ba na tuwang-tuwa ako dahil napili akong tagasanay sa basketbol sa aming barangay? Ikaw, ano ang mga larong sinasalihan mo? Anu-anong ginagawa mo pagkatapos ng klase mo? Ako ay mayroong pinapasukang tindahan tuwing Sabado.

Hanggang dito na lamang at muli akong susulat sa iyo. Kumusta na lang sa iyong mga magulang at kapatid. Sana ay nasa mabuti silang kalagayan.

Ang kaibigan mo,

Tessie/Jimmy

Read the letter, and write a reply of 150–200 words in Filipino.

Basahin ang sumusunod na liham at sumulat ng sagot sa Filipino nang hindi kukulang sa 150–200 salita.

*Do not remove this page from the question booklet.*

Student/Registration Number | | | | | | | | | |

Filipino
Continuers Level

Centre Number | | | | | |

Question 10

( marks)

**End of Section 2**

COLLABORATIVE CURRICULUM AND ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES
AUSTRALIA

Student/Registration Number | | | | | | | | | |   Centre Number | | | | | |

SAMPLE

**2002** PUBLIC EXAMINATION

# Filipino

## Continuers Level

### Section 3: Writing in Filipino (15 marks)

**Tuesday 29 October**
Time: approximately 45 minutes
*Monolingual and/or bilingual printed dictionaries may be used.*

**Instructions to Students**

1. Write your answer to a question from Section 3 in this booklet in blue or black ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
2. You must answer ONE question in FILIPINO.
3. Write your student/registration number and the centre number (if required) on the front cover of this booklet.
4. All question booklets will be collected at the end of the examination.

*This examination is used for the HSC (New South Wales), the NTCE (Northern Territory), the SACE (South Australia), the TCE (Tasmania), the VCE (Victoria), and the WACE (Western Australia).*

© Victorian Curriculum and Assessment Authority 2002

**Section 3** (Questions 11–14)
(15 marks)

---

*When judging performance in this section, the examiner(s) will take into account the extent to which the student demonstrates:*

- *relevance and depth of treatment of ideas, information, or opinions;*
- *accuracy and range of vocabulary and sentence structures;*
- *the capacity to structure and sequence response and use conventions of the text type.*

---

Answer ONE question from this section in 200–250 words in FILIPINO.

11. Your friend's parents are reluctant to allow him/her to go on an overseas holiday with you. Write a letter to your friend's parents, in which you try to convince them to allow him/her to accompany you.

    Ang mga magulang ng iyong kaibigan ay nag-aatubiling pasamahin siya magbakasyon sa ibang bansa na kasama mo. Sumulat ka sa mga magulang ng iyong kaibigan para hikayatin silang pumayag na samahan ka ng iyong kaibigan.

12. You went with your class on a two-week holiday to the Philippines. Write a narrative account for your school magazine.

    Ikaw ay kasama sa iyong klase na naglalakbay nang dalawang linggo sa Pilipinas. Gumawa ka ng salaysay para sa pahayagan ng iyong paaralan.

13. Write a letter to a friend in the Philippines about your experiences in Australia in order to convince him/her to join a student exchange program.

    Sumulat sa isang kaibigan sa Pilipinas tungkol sa iyong mga karanasan sa Australia nang makumbinsi mo siya na lumahok sa isang "Student Exchange Program".

14. You went to a friend's birthday party. Write a diary entry describing how successful the party was.

    Dumalo ka sa kasayahan para sa kaarawan ng iyong kaibigan. Sumulat ng isang dyomal na naglalarawan kung paano naging matagumpay ang kasayahang ito.

You may make notes in this space.

Question Number:

**End of Section 3**